TULA PARA SA MGA INA

Noong nakaraang Mother's day ang Little Lambs Ministry, sa pangunguna ni Ms. Estrelita Vargas ay bumuo nang tula para sa mga nanay. Binigkas ito ng piling mga bata sa nasabing ministeryo bilang handog pasasalamat sa Diyos sa buhay ng mga mahal naming nanay. Sanay mapagpala din kayo sa pagbasa ng tulang ito:

Para Sayo Nanay

Nanay, mama, mommy
Anumang itawag sa kanila
Hindi matatawaran
kanilang pag-aalaga

Pag-aaruga't pagmamahal
Sa ami'y ipinaranas
Iyon ang aking ina
At wala ng iba

Lahat ay tiniis
Kahit pa nasasaktan
Sa aming kakulitan
Minsa'y napapaluha

Bilib ako sa nanay ko
Dahil kahit kami'y magugulo
Pasensya nya'y
Abot hanggang dulo

Kaya naman, sa araw na ito
Ikaw, aking ina ay pahahalagahan ko
Masiyahan ka sana
Sa munting mensaheng ito

Laking pasasalamat ko
Sa ating Panginoon
Dahil nilikha Niya kayo
Upang magsilbing instrumento

Ay ayaten ka Nanay!
Nahugugma Kita Nanay!
I Love You Mommy!
Mahal Kita Akin Nanay!

At aking buong
Pagmamalaking sasabihin

YOU'RE THE BEST, NANAY!